



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-24 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 HULYO 2009, 10:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - MSKF President

KAPASYAHAN BLG. 045
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, G. MANUEL F. EUSTAQUIO.

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang taong minamahal at iginagalang na ama ng tahanan ay labis na ipinagdaramdam ng kanyang mga naiwan,

SAPAGKAT, si G. Manuel "Nong Maning" F. Eustaquio ay naging isang tapat at mabait na kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas simula Agosto 1, 1963 hanggang sa kanyang pagreretiro noong Enero 04, 1996,

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang paglilingkod bilang Market Inspector II ay nagpamalas siya ng kasipagan at pagtitiyaga sa pagtupad ng tungkulin at responsibilidad sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ito sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at naging kasama sa gawain.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konschal Angeles D. Bautista na pinangalawahan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, G. Manuel F. Eustaquio ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang asawa at mga anak ni G. Manuel F. Eustaquio lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 27 Hulyo 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo